



Impormasyon para sa mga taong na-diteyn ayon sa *Immigration and Refugee Protection Act*

PROTECTION SERVICE INTEGRITY
TY **PROTECTION** SERVICE INT
ÉGRITÉ PROTECTION **SERVICE**
INTEGRITY PROTECTION SERVI
CE INTÉGRITÉ PROTECTION SE
RVICE INTÉGRITÉ PROTECTION
SERVICE INTÉGRITÉ PROTECTI
ON SERVICE INTÉGRITÉ PROT
ECTION SERVICE INTÉGRITÉ PR
OTECTION SERVICE INTÉGRITÉ
PROTECTION SERVICE INTÉGRITÉ
TÉ **PROTECTION** SERVICE INT
TEGRITY PROTECTION **SERVICE**
INTÉGRITÉ PROTECTION SERVI
CE INTEGRITY PROTECTION SE



BSF5012-9 (Tagalog)

PROTECTION • SERVICE • INTEGRITY

© Her Majesty the Queen in Right of Canada, kinakatawan ng Minister of Public Safety and Emergency Preparedness [Ministro ng Kaligtasan ng Publiko at ng Pagiging Handa Kapag may Dagliang Pangangailangan], 2015

Katalogo Blg. PS38-49/2015TI-PDF

ISBN 978-0-662-03902-0

Ang dokumentong ito ay makukuha sa website ng Canada Border Services Agency sa www.cbsa-asfc.gc.ca

Ang dokumentong ito ay makukuha sa alternatibong mga ayos kapag hiniling.

Also available in English under the title: Information for People Detained Under *the Immigration and Refugee Protection Act*

Aussi offert en français sous le titre : Renseignements à l'intention des personnes détenues en vertu de la *Loi sur l'immigration et la protection des réfugiés*

At makukuha sa iba pang mga wika: Arabiko, Tsino Na-Simple, Tsino Tradisyonal, Hindi, Hapon, Koreano, Farsi, Portuges, Punjabi, Ruso, Espanyol, Tamil, Urdu

Ito ay hindi legal na dokumento. Para sa legal na impormasyon, kumonsulta ang *Immigration and Refugee Protection Act and Regulations*.

Ang dokumentong ito ay nagbibigay sa iyo ng importanteng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at mga obligasyon at mga dahilan ng iyong detensyon, at pangkalahatang impormasyon na maaring makatulong habang ikaw ay na-diteyn. Kung ikaw ay mayroong anumang mga katanungan tungkol sa iyong detensyon o sa impormasyon sa loob ng dokumentong ito, mangyaring kausapin ang isang opisyal ng Canada Border Services Agency (CBSA).

Ang Batas

Ikaw ay na-diteyn ayon sa *Immigration and Refugee Protection Act* ng Canada dahil ang isang opisyal ng CBSA ay:

- nagpasiya na kinakailangan ito upang makumpleto ang isang eksaminasyon;
- hindi nasisiyahan sa iyong identidad;
- mayroong makatwirang paniniwala na ikaw ay hindi maaring matanggap sa Canada at isang panganib sa publiko, malamang na hindi magpakita (peligrong tumakas) para sa isang eksaminasyon, isang paglilitis para sa pagtanggap, pagpaalis sa Canada, o sa isang paglilitis na maaring magresulta sa isang orden ng pagpaalis; o kaya
- mayroong makatwirang na suspetsa na ikaw ay hindi maaring matanggap sa Canada dahil sa seguridad, paglabag ng mga karapatan ng kapwa-tao o pandaigdig, malubhang pagkakriminal, pagkakriminal o organisadong pagkakriminal.

Patakaran sa Pagtrato ng mga Diteyni

Pagtrato ng mga Taong nasa Detensyon

- Ikaw ay taratuhin ng may karangalan at paggalang sa lahat ng oras.
- Ipapaalam sa iyo ang iyong mga legal na karapatan, at mabigyan ng pagkakataon na gamitin ang iyong mga karapatan at alamin ang katayuan ng iyong kaso.

Ikaw ay taratuhin ng may karangalan at paggalang sa lahat ng oras.

Mga Kabataan

- Ang pag-diteyn ng CBSA ng mga kabataan na walang pang 18 taong gulang ay siyang kahuli-huling gagawin. Kung ikaw ay mayroong mga anak na bata, masusing alalahanin ng CBSA ang pinakamahusay na mga interes nila, ayon sa mga katotohanan ng iyong partikular na kaso. Susuriin ng opisyal ng CBSA ang mga dahilan gaya ng magagamit na mga alternatibong pagsasaayos sa pag-aalaga ng kabataan, kasama ang iyong mga miyembro ng pamilya, ang inaakalang katagalan ng iyong detensyon, at kung magkakaroon ng angkop na tuluyan at serbisyo para sa iyong mga anak na bata.
- Kung ito'y nasa pinakamahusay na mga interes ng iyong mga anak na bata, papayagan silang manatiling kasama mo sa isang CBSA sentro ng pagpapanatili para sa imigrasyon. Ang sentro ay mayroong mga nakahiwalay na tirahan para sa mga pamilya. Depende sa kung gaano ka katagal naroroon, may guro na magtuturo sa iyong mga anak.
- Maaaring ma-kontak ang mga awtoridad ng probinsya at ang iyong anak ay maaaring ma-ilagay sa pag-aalaga ng serbisyo ng probinsya para sa kapakanan ng mga kabataan. Kung ito'y mangyayari, maaring gumawa ng pagsasaayos para makapagbisita sa iyo ang iyong anak.

Mga Pasilidad ng Detensyon

- Maaring ikaw ay unang manatili sa opisina ng CBSA o sa isang lugar ng pagpasok (krosing ng hangganan sa lupa o sa dagat, paliparan, atbp.).

Igagalang ang iyong palihim.

- Pagkatapos ay maari kang ipanatili sa isang CBSA sentro ng pagpapanatili para sa imigrasyon (Laval, Quebec; Toronto, Ontario; o Vancouver, British Columbia) o isang pasilidad koreksiyonal ng probinsya. Ilalagay ka depende sa kung aling pasilidad ang magagamit at sa bigat ng panganib o peligro mo sa iyong sarili o sa iba, ayon sa paniniwala ng CBSA.
- Ang mga pasilidad ng CBSA ay makapagbigay ng tuluyan sa mga lalake, mga babae at mga pamilya. Sa ilang kaso, kung ang pamilya ay na-diteyn, maaring ipatuloy ang mga kabataan sa isang hiwalay ng bahagi kasama ang isang magulang. Maaring gumawa ng pagsasaayos na magbisita ang pamilya sa isa't isa habang nananatili dito.
- Ang CBSA ay may pananagutan na maniguro na ikaw ay na-diteyn sa isang kapaligiran na ligtas at walang panganib.
- Igagalang ang iyong palihim.
- Gagawin ang makatwirang pagsisikap upang masunod ang iyong mga pangangailangan na pisikal, emosyonal, at ispirituwal sa paraan na angkop sa iyong kultura.
- Malugod ng tinatanggap ng CBSA ang iyong mga komentaryo tungkol sa mga kondisyon ng detensyon.

Ang Iyong mga Karapatan

- Ikaw ay may karapatang katawanin ng isang abugado na iyong gastos o tumanggap ng tulong na legal, kung ikaw ay nararapat. Bibigyan ka ng kinakailangan na impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng tulong na legal na magagamit mo. Maari mo ring magtalaga ng isang kaibigan o miyembro ng organisasyon o asosasyon na kumatawan sa iyo.
- Mayroon kang karapatang alamin ang dahilan ng iyong detensyon.
- Mayroon kang karapatan na i-kontak ang iyong embahada o isang representante ng konsulado ng iyong bansa sa iyong paghiling.
- Kung hindi mo nais na ma-kontak ang representante ng konsulado, maari mong hilingin na ipaalam ang opisina ng United Nations High Commissioner for Refugees sa Canada tungkol sa iyong detensyon.
- Kung hindi mo maintindihan o hindi mo sinasalita ang wika na isinasagawa sa paglilitis (ibig sabihin, ang mga pagsusuri ng detensyon, mga paglilitis para sa imigrasyon, at iba pa), mayroon kang karapatan na matulungan ng tagapagsalin ng wika.
- Kung ikaw ay minor na wala pang 18 taong gulang, o sa opinyon ng Immigration Division of the Immigration and Refugee Board (IRB) ay hindi mo nauunawaan ang katangian ng paglilitis, ang isang itinalagang representante ay maaaring hirangin upang makatulong sa patnubay ng paglilitis.

Ikaw ay may karapatang katawanin ng isang abugado na iyong gastos o tumanggap ng tulong na legal, kung ikaw ay nararapat.

Mayroon kang karapatan na i-kontak ang iyong embahada o isang representante ng konsulado ng iyong bansa sa iyong paghiling

PANGKLAHATANG IMPORMASYON

Tulong ng Komunidad

Ang mga miyembo ng mga hindi-gobyernong organisasyon, gaya ng lokal na komunidad o mga relihiyosong organisasyon ay maaring bumisita sa iyo at magbigay ng tulong. Maari silang magbigay sa iyo ng impormasyong mapakikinabangan at, kung nais mo, susubukan nilang makipagugnayan ka sa mga tao na mula sa iyong bansang pinanggalingan o mga tao na nagsasalita ng iyong wika. Ang mga serbisyong ito ay maaaring hindi makuha sa lahat ng mga pasilidad. Maari kang humiling ng impormasyon at tulong sa mga opisyal ng CBSA, na sinong maaaring magbigay sa iyo ng listahan ng itong mga organisasyon.

Tulong na Medikal

Kung ikaw ay magkasakit (pisikal o pang-mental) sa anumang oras at nangangailangang makipagkita sa doktor, mangyaring sabihin kaagad sa mga tauhan ng pasilidad. Kung ikaw ay umiinom ng anumang gamot o may sakit (pisikal o pang-mental), mangyaring sabihin sa kawani pagdating mo sa pasilidad. Ang iyong gamot ay susuriin ng doktor at ibibigay sa iyo ayon sa utos ng doktor.

Bagaehe at Personal na mga Pag-aari

Sa pagdating mo, kinakailangan na ibigay mo ang iyong mga personal na gamit, kasama ang cell fone, bagahe, alahas, pera, gamot, at lahat ng ibang mga bagay sa iyong dala, sa mga tauhan ng seguridad para ma-itago at maalagaan. Ikaw ay may makatwirang karapatan sa iyong mga pag-aari kapag iyong hiniling sa mga tauhan ng seguridad. Ang mga mapanganib na bagay gaya ng mga patalim at ibang mga bagay na maaring gamiting sandata at maging panganib sa personal na seguridad ay kukunin at maaaring itapon.

Pagkain

Kung ikaw ay may tanging pangangilangan sa diyeta para sa medikal, sa ngipin, o ibang mga dahilan, mangyaring sabihin kaagad sa opisyal ng CBSA, isang guwardya o ibang tao sa pasilidad. Maaring gumawa ng espesyal na pagsasaayos upang masunod ang iyong pangangilangan sa diyeta.

Mga Bisita

- Ang oras ng pagbisita at bilang ng mga bisita na pinapahintulutan ay maaring magkaiba, depende sa patakaran ng bawat pasilidad.
- Ang mga pagbisita ay maari sa takdang lugar ng pagbisita lamang.
- Sa mga pasilidad na walang takdang lugar para sa pagbisita, mga espesyal na pagsasaayos ay magampanan para sa abugado at mga opisyal ng konsulado lamang.
- Ang mga pagbisita ng abugado o itinalagang representante ay maari lamang sa mga pangkaraniwang oras ng pagdalaw ng pasilidad. Ang mga pagbisita lampas sa mga oras na ito ay papayagan lamang na may pahintulot ng namamahala sa pasilidad. Ang kanilang pasiya ay depende sa mga partikular na detalye ng iyong kaso.

Telepono

Ikaw ay maaring gumawa ng mga lokal na tawag sa telepono sa tiyak na mga lugar at mga oras. Kung maraming tao ay nais gumamit ng mga telepono na magagamit, ang oras ng iyong tawag ay maaring limitado. Kung kailangan mo ng tulong sa paggamit ng telepono, mangyaring humiling ng tulong sa mga kawani ng pasilidad. Kung kailangan mong tumawag sa ibang bansa, mangyaring kausapin ang lokal na opisyal para sa instruksyon.

Koreo

- Sa ilang pasilidad, ikaw ay maaring magpadala at tumanggap ng nakasulat na koreo.
- Anumang nakasulat na koreo na iyong ipapadala at tatanggapin ay maaring buksan at suriin.
- Ang nakasulat na koreo na pinadala at tinanggap galing sa korte o galing sa iyong abugado ay maaring buksan at suriin ng pasilidad, lamang sa iyong harap.

Mga Reklamo

Kung nais mong makipag-usap sa isang opisyal ng CBSA tungkol sa anumang bahagi ng iyong detensyon, mangyari sabihin sa guwardya o ibang kawani ng pasilidad. Ang opisyal ng CBSA ay magsusuri ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon.

Transportasyon

Ang opisyal ng CBSA o opisyal ng seguridad ay maaaring magkapkap at maglagay ng posas kapag ikaw ay dinadala o dumadalo ng anumang paglilitis sa labas ng pasilidad. May mga kataliwasan para sa mga taong may pinsala, matatandang tao, mga kabataang minor at mga buntis.

Sakaling may Sunog

Kung makaamoy ka ng usok o makakita ng sunog sa anumang oras, sabihin kaagad sa kawani. Kung ang sunog ay nagsimula sa iyong kuwarto, sabihin kaagad sa mga guwardya na nagtatrabaho. Manatiling mahinahon at sundin ang instruksyon ng mga guwardya para ligtas kang makalabas ng gusali.

Iba pang Impormasyon

Ang mga patakaran ng bawat pasilidad ay naglalayunin na protektahan ang kaligtasan at seguridad ng lahat. Ina-asahan na sundin mo ang itong mga patakaran. Ang mapanggulo na pag-uugali, kasama ang pagsisira ng ari-arian, ay hindi pinapahintulutan. Ang itong pag-uugali ay maaring magresulta sa iyong paglagay sa isang lugar na pagbubukod o paglipat sa isang pasilidad ng detensyon na mas mataas ang seguridad.

Ang mga opisyal ng CBSA ay maaring humingin na patunayan mo ang mga tiyak na impormasyon upang makumpleto ang iyong kaso.

Kung ikaw ay mayroon iba pang mga tanong, mangyari tanugin ang kawani sa psailidad o sa isang opisyal ng CBSA.

Mga Pagpasiya sa Pagpatuloy ng Detensyon o Pagpalaya

Pagsusuri ng Detensyon para sa “Non-Designated” na mga Pagdating

Bago sa unang pagsusuri ng detensyon, maaring kang mapalaya kung sa paniniwala ng opisyal ng CBSA na ang dahilan ng iyong detensyon ay hinid na umiiral o kung ang mga pag-aalala ay maaring maluwagan sa pamamagitan ng piyansa.

- **Sa loob ng apat-na-po at walong (48) oras (o sa madaling panahon pagkatapos noon)**-(ang Immigration Division of the Immigration and Refugee Board (IRB) ay susuri ng iyong detensyon. Ang nagbibigay ng pasiya (ang “miyembro”) na nanggaling sa Immigration Division ay independente sa CBSA.
- **Pitong (7) araw**-Kung ikaw ay patuloy na na-diteyn, ang iyong kaso ay muling susuriin sa loob ng susunod na pitong araw ng IRB.
- **Bawat tatlungpong (30) araw**-Pagkatapos ng pitong-araw na pagsusuri, ang iyong kaso ay dapat muling masuri ng IRB, hindi bababa sa minsan sa tuwing 30 araw.

Kung nais mong makipag-usap sa isang opisyal ng CBSA tungkol sa anumang bahagi ng iyong detensyon, mangyari sabihin sa guwardya o ibang kawani ng pasilida

- Ikaw ay dapat na naroroon sa bawat pagsusuri.
- Inirerekomenda na ikaw ay gumawa ng kinakailangang na pagsasaayos para ang iyong abugado o itinalagang kinatawan, kung mayroon ka nito, ay naroroon sa lahat ng iyong mga paglilitis ng immigrasyon.
- Sa anumang oras bago ang iyong susunod na araw ng nakatakandang pagsusuri, maaring kang humiling ng mas maagang pagsusuri, kung may mga bagong katotohanan na nagbibigay-katwiran para sa kahilingan. Ang hiling ay dapat nakasulat at iniharap sa Immigration Division of the IRB, na siyang magpapasiya kung ipahintulot o tangihan ang iyong kahilingan. Ang isang kopya ng kahilingan ay dapat ibigay sa CBSA.

Pagpalaya mula sa Detensyon

Pagkatapos ng pagsusuri, isang miyembro ng Immigration Division ng IRB ay alinman magbibigay ng orden na ikaw ay magpatuloy sa detensyon o ikaw ay palayain mula sa detensyon. Ang IRB ay maaring magpataw ng kondisyon sa iyong paglaya na maaring kasama ang:

- **Isang deposito:** Ito ay pera na ibinigay upang tiyakin na susundin mo ang mga kondisyon ng iyong paglaya sa detensyon. Sa pangkaraniwan, ito ay isasauli sa anim hanggang walong linggo pagkatapos ng konklusyon ng iyong kaso, kung ang lahat ng mga kondisyon ng iyong paglaya ay nasunod.
- **Isang garantiya:** Ito'y hindi nangangailangan ng deposito. Ang tagapanagot (na sinong dapat ay isang mamamayan ng Canada o permanenteng residente ng Canada) na nangangakong magbayad ng isang halaga ng pera kung hindi mo sinundan ang mga kondisyon ng iyong paglaya.

Kung ikaw ay mayroong tagapanagot, hindi sila sa pangkaraniwang mapagpaumanhinan sa kanilang mga legal na obligasyon bago makatapos ang iyong kaso ng imigrasyon.

Paglabag ng mga kundisyon

Kung hindi ka sumunod sa ang anumang kondisyon sa iyong pagpalaya, ang perang dineposito o ipinangako ng iyong tagapanagot ay maaring mawala at/o ikaw ay maaring ibalik sa detensyon.